**Paunawa ng Pampublikong Pagdinig at
Kahandaan sa Pagususuri ng Publiko sa Burador na Pinag-isang Ulat ng Pagtaya sa Taunang Pagganap (CAPER) FY 2023-2024**

**ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO** na ang Konseho ng Lungsod ng Milpitas ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig sa regular na pulong ng Konseho ng Lungsod nang personal sa Kamara ng Konseho ng Lungsod sa City Hall, na matatagpuan sa 455 E. Calaveras Blvd., Milpitas **sa Martes, Setyembre 17, 2024,** simula sa **7:00 PM** o kaagad pagkaraan, upang isaalang-alang na aprubahan ang Burador na Pinag-isang Ulat ng Pagtaya sa Taunang Pagganap (CAPER). Ang isang-taong CAPER ng Lungsod ay naglalarawan sa pag-uulat ng mga Programa at Aktibidad ng Blokeng Gawad sa Pagpapaunlad ng Komunidad (CDBG) na isinagawa sa nakaraang taon ng programa 2023-2024.

Ang mga kopya ng Burador na CAPER ay makukuha nang personal sa harapang desk sa City Hall at online para sa pagsusuri ng publiko sa

https://www.milpitas.gov/475/Federal-Program-Community-Development-Bl

Ang panahon ng pagsusuri ng publiko at panahon ng mga komento para sa Burador na CAPER ay Agosto 23 - Setyembre 16, 2024.

**ANG MGA INTERESADONG TAO AY MAAARING** magkaloob ng mga komento ng publiko nang personal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na nakalista sa adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod o magsumite ng mga nakasulat na komento bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pag-email sa Klerk ng Lungsod sa CityClerk@milpitas.gov. Ang mga nakasulat na komento ay hindi babasahin sa panahon ng pulong. Ang mga nakasulat na komento ay digital na ipapamahagi sa Konseho ng Lungsod at magiging bahagi ng pampublikong rekord ng pulong na ito.

Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan, ang Lungsod ng Milpitas ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang mapaunlakan ang mga taong may kapansanan. Kung ikaw ay nangangailangan ng espesyal na akomodasyon, mangyaring kontakin ang Pangkat ng Pabahay sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod
Petsa ng Publikasyon: Agosto 23, 2024